

## ANNEX F

### PAMPUBLIKONG IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGGAMIT BILANG PAGKAIN, PAKAIN SA HAYOP, O PARA SA PAGPOPROSESO

#### PANUKALA PARA SA DIREKTANG PAGGAMIT BILANG PAGKAIN, PAKAIN SA HAYOP, O PARA SA PAGPOPROSESO [GHB119 Cotton]

1. Pangalan ng Aplikante: Bayer CropScience, Inc.
2. Address ng Aplikante: 3/F Bayer House, Canlubang Industrial Estate  
Calamba, Laguna
3. Telepono/Facsimile/E-mail Address ng Aplikante:  
Tel: +63 2 226 4888  
Fax: +63 3 450 5474  
celsa.quimio@bayer.com
4. Pangalan ng Kaukulang Opisyal/Awtorisadong Kinatawan: Recher E. Ondap/Celsa A. Quimio
5. Deskripsyon ng Artikulo para sa Direktang Paggamit:  
Taglay ng GHB119 ang protinang Cry2Ae, base sa *cry2Ae* gene mula sa *Bacillus thuringiensis* at protinang PAT, base sa *bar* gene mula sa *Streptomyces hygrosopicus*.
6. Bansang Pagmumulan ng GHB119: Estados Unidos
7. Maikling Buod ng Potensyal na Epekto sa Kalusugan ng Tao at Hayop at sa Kalikasan  
Masusing mga pagsusuri ang nagpapatunay na ang GHB119 ay ligtas para gamiting pagkain, pakain sa hayop o sa pagpoproseso. Ang komposisyon at nutrisyon ng mga produkto mula sa GHB119 ay katumbas ng sa pangkaraniwang halamang bulak. Ang mga isinagawang pagsasaliksik ukol sa toksikolohiya ng protinang Cry2Ae at PAT ay hindi nagpakita ng indikasyon na ang mga ito ay banta sa tao o sa kalusugan ng mga hayop. Ang Cry2Ae at PAT ay mabilis natutunaw kaya hindi maaring magdudulot ang mga ito ng ikababahalang reaksyon kaugnay sa kalusugan ng mga gagamit nito. Ang GHB119 ay kahalintulad din ng iba pang karaniwang binebentang halamang bulak. Ang mga organismong pinagmulan at ang mga genes mismo na ipinasok sa GHB119 ay likas at laganap sa kapaligiran.
8. Maikling Buod ng mga Potensyal na Benepisyo  
Nagbibigay ang GHB119 ng dagdag na epektibong alternatibo na maaring mapagpilian ng mga magsasaka sa pagkontrol ng mga nakasisirang insekto at damo ng halamang bulak partikular sa mga bansa kung saan pinapayagang itanim ito. Ang Cry2Ae ay nagbibigay bisang labanan ang mga insektong lepidopteran tulad ng cotton bollworm, tobacco budworm at fall armyworm habang ang PAT ay nagbibigay tibay na kayanin ang pamuksang-damo na glufosinate ammonium.
9. Mga Bansa na Nakapagbigay na ng Pahintulot Para Gamiting Pagkain o Pakain sa Hayop:  
Ang GHB119 ay nasuri na at binigyang pahintulot para gamitin bilang pagkain at/o kaya pagkain sa hayop sa Australia/New Zealand, Brasil, Canada, Tsina, Japan, Korea, Mexico, Taiwan at Estados Unidos.

Iniiimbitahan ang publiko na magsumite ng kanilang mga komento sa Direktor ng BPI (sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng paglathala) ukol sa panukala para sa direktang paggamit bilang pagkain o pakain sa hayop o para sa pagpoproseso ng GHB6119.

Director  
Bureau of Plant Industry  
San Andres, Malate, Manila  
Telephone Number: 404-0409  
E-Mail [bpibiotechsecretariat@yahoo.com](mailto:bpibiotechsecretariat@yahoo.com)

Inaprubahan para Ilathala: \_\_\_\_\_  
**VIVENCIO R. MAMARIL, PhD.**  
OIC-Director  
Bureau of Plant Industry  
Date: